



2026 NOTICE TO EMPLOYEES

MGA PAMANTAYAN NG TUKWILA SA PAGGAWA

MINIMUM WAGE AND FAIR ACCESS TO ADDITIONAL WORK HOURS

Ang Tukwila Municipal Code (TMC) 5.63 - Mga Pamantayan sa Paggawa para sa mga Partikular na Empleyado ay nagtatakda ng mga pamantayan sa paggawa para sa mga employer na:

- Mayroong **hindi bababa sa 15 empleyado sa buong mundo**, kung hindi bababa sa isang empleyado ang nakapagtrabaho sa Tukwila, kahit pansamantala, **O**
- Mayroong **mahigit \$2 milyong taunang kabuuang kita** na nalilikom sa loob ng mga hangganan ng lungsod ng Tukwila, **O**
- Ay **mga prangkisa na nauugnay sa isang tagapagbigay ng prangkisa o network ng mga prangkisa** na may mga nagpaprangkisa na may mahigit 500 empleyado na pinagsama-sama sa buong mundo.

Ang mga employer na nakalista sa itaas ay **Mga Saklaw na Employers**. Para sa mga employer na bago sa Lungsod, o may laki o kita na nagbago mula pa noong nakaraang taon, tingnan ang [Administratibong Panuntunan sa mga Pamantayan](#) sa Paggawa ng Tukwila (na naglalaman ng mga Madalas Itanong at mga halimbawa).

ANG MGA SAKLAW NA EMPLOYER AY KAILANGANG:

- Magbayad ng **minimum wage na hindi bababa sa \$21.65 kada oras** simula Enero 1, 2026 (maaaring kasama rito ang mga komisyong ngunit hindi ang mga tip o dagdag na bayad bilang pasasalamat); **AT**
- Mag-alok ng **patas na access sa mga karagdagang oras ng trabaho** sa mga kuwalipikadong part-time na empleyado bago kumuha ng mga tinukoy na karagdagang manggagawa; **AT**
- Taon-taong **sinisertipikahan ang pagsunod sa TMC 5.63** bago lumampas ng **Enero 31** kada taon; **ang mga tagubilin sa sertipikasyon** ay matatagpuan sa website ng Lungsod: www.TukwilaWa.gov/MinimumWage; **AT**
- Bigyan ang mga saklaw na empleyado ng **kopya ng Paunawa sa mga Empleyado na ito**. I-download mula sa website ng **Lungsod**, www.TukwilaWa.gov/MinimumWage at ipaskil sa lokasyon sa Tukwila.
- Para sa mga detalye, tingnan ang **TMC 5.63** at ang Tukwila Labor Standards na nakalista sa website ng Lungsod, www.TukwilaWa.gov/MinimumWage.

ANG MGA EMPLOYER NA HINDI SUMUSUNOD SA BATAS ay maaaring maisumbong gamit ang **Form ng Reklamo** sa website ng Lungsod, www.TukwilaWa.gov/MinimumWage o sa pamamagitan ng email sa MinimumWage@TukwilaWA.gov.

MGA PARUSA SA HINDI PAGSUNOD: Ang mga taong nagpapahayag ng alegasyon ng paglabag sa TMC 5.63, kabilang ang mapaghiganting pag-uugali, ay maaaring magsampa ng aksyong sibil laban sa employer o iba pang taong lumalabag sa batas. Ang Direktor ng Pinansya ng Lungsod ng Tukwila ay maaaring tanggihan, suspendihin o bawiin ang anumang lisensya dahil sa mga paglabag sa batas na ito. Maaari ring iangkop ang mga karagdagang parusa.

IPINAGBABAWAL ANG PAGHIHIGANTI: Walang employer o sinumang iba pang indibidwal ang dapat makialam sa, maghigpit o tanggihan ang paggamit ng - o ang pagtatangkang gamitin - ang anumang karapatang pinoprotektahan sa ilalim ng batas; o gumawa ng anumang negatibong aksyon laban sa sinumang tao dahil ginamit ng taong iyon nang may tapat na layunin ang mga karapatan sa ilalim ng batas.

TINATANGGAP ANG MGA KATANUNGAN

Website: www.TukwilaWa.gov/MinimumWage

Email: MinimumWage@TukwilaWA.gov

Tumawag sa: 206-552-6873



– THIS NOTICE IS AN OVERVIEW OF THE LAW –
FOR DETAILS, SEE TMC CHAPTER 5.63 AND THE TUKWILA LABOR STANDARDS ADMINISTRATIVE RULE